


# Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 4:  
Idetalye Mo!



**Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 4: Idetalye Mo!**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Lovely Joy M. Ariate

**Editor:** Chomadith Loian J. Hechanova, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

**Tagasuri:** Rochien R. Titong, Romeo A. Mamac, Christopher U. Gonzales

Lea C. Manambay, Aries A. Gamino

**Tagaguhit:** Deodito C. Curaza Jr.

**Tagalapat:** Hazel Jane A. Villegas

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo

Winnie E. Batoon

Mary Jeanne B. Aldeguer

Chona M. Calatrava

Analiza C. Almazan

Teresita E. Helgason

Ma. Cielo D. Estrada

Jesusa P. Ambrona

George N. Wong

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: [regionxi@deped.gov.ph](mailto:regionxi@deped.gov.ph) \* [lrms.regionxi@deped.gov.ph](mailto:lrms.regionxi@deped.gov.ph)

## Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 4:  
Idetalye Mo!

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## *Alamin*

Kumusta? Halika at sabay nating alamin ang napapaloob sa modyul na ito!

Subukan mo kung papaano ang pagsulat ng detalye mula sa kuwentong binasa. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat ng detalye mula sa kuwentong binasa, (MT3RC-Ia-b-1.1.1).



### *Mga Tala para sa Guro*

Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng kagamitang ito, tandaan mo lamang na laging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!



## *Subukin*

Basahin at piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik ng iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

\_\_\_\_\_ 1. Ito ay tumutukoy sa panauhan sa kuwento.

- |            |               |
|------------|---------------|
| A. tauhan  | C. suliranin  |
| B. tagpuan | D. pangyayari |

\_\_\_\_\_ 2. Ito ay tumutukoy kung saan naganap ang kuwento.

- |            |               |
|------------|---------------|
| A. tauhan  | C. suliranin  |
| B. tagpuan | D. pangyayari |

\_\_\_\_\_ 3. Ito ay tumutukoy sa banghay sa kuwento.

- |            |               |
|------------|---------------|
| A. tauhan  | C. suliranin  |
| B. tagpuan | D. pangyayari |

\_\_\_\_\_ 4. Ito ay tumutukoy sa problemang kinahaharap ng tauhan sa kuwento.

- |            |               |
|------------|---------------|
| A. tauhan  | C. suliranin  |
| B. tagpuan | D. pangyayari |

\_\_\_\_\_ 5. Ano ang iba pang tawag sa salitang salaysay?

- |            |               |
|------------|---------------|
| A. kwento  | C. suliranin  |
| B. tagpuan | D. pangyayari |

## Aralin

# 1

## Idetalye Mo!

Mayroon ka bang mga idolong artista mula sa pinanood mong mga palabas sa telebisyon at sa mga pelikula? O hindi kaya ay mga bayani sa kuwentong iyong binasa sa paborito mong aklat? Alam mo ba kung ano ang tawag sa kanila?

Bawat palabas, pelikula o mga kuwento sa aklat ay may tinatawag na elemento. Tara! Isa-isahin natin ito.



### *Balikan*

Sa pandemya ng COVID-19, magbigay ng mga detalye sa pangyayaring naganap. Isulat ang sagot sa iyong papel o kuwaderno.

|                                     |
|-------------------------------------|
| <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> <hr/> |
|-------------------------------------|




## *Tuklasin*

Basahin ang kuwento at isulat ang mga mahalagang detalye.

### Ang Pag-asa ni Sisa ni Lovely Joy M. Ariate



Si Sisa ay ang panganay sa siyam na anak nina Mang Siral at Aling Jessa. Nakatira sila sa bukinging bahagi ng Barangay Limao na siyang sinasaka ni Mang Siral. Ang kaniyang ina ay isang maybahay at nag-aalaga sa kanila. Mahirap ang kanilang pamumuhay subalit masayang nagsusumikap ang kanilang mga magulang upang matustusan ang kanilang simpleng pangangailangan.



Isang hapon sa pag-uwi ni Sisa, “Mano po Inay”. “Kaawaan ka ng Diyos anak”, sagot ng Nanay. Dali-daling nagbihis si Sisa at pumunta sa kusina upang magsaing.



Laking gulat niya nang buksan ang bigasan, wala na pala itong laman. “Nay! Nay, wala na po tayong lulutuin ngayon,” sabi ni Sisa.

“Sisa, pumunta ka muna kina Aling Sinta. Umutang ka ng isang kilong bigas,” sagot ng nanay.



Habang siya ay naglalakad patungo sa tindahan, nakita niya ang malaking bahay ng kaniyang guro na si Bb. Becca. “Wow! Napakaganda talaga ng bahay ni **Ma'am**. Napakasarap

sigurong tumira sa malaking bahay," paghanga ni Sisa. "Balang araw, magkakaroon din kami niyan."



Pagdating niya sa tindahan, "Magandang hapon po Aling Sinta. Mangungutang po ako ng isang kilong bigas."

"Aba! Sisa, mahaba-haba na ang inyong listahan pero aasahan ko na kapag naibenta na ang kopra ng iyong ama ngayong buwan ay babayaran ito," pabirong sagot ni Aling Sinta.

"Opo, Aling Sinta, maraming salamat!", tugon ni Sisa.

Habang naglalakad pauwi si Sisa ay bigla niyang nakita ang kaniyang kamag-aral na si Ken. Nahihiya siya sa bitbit niyang isang kilong bigas kaya itinago niya ito sa ilalim ng kaniyang damit.




“Sisa, ano ba ‘yang tinatago mo?” tanong ni Ken.

“A, wala ito!”, sagot ni Sisa.

“Anong wala? E, unti- unting nalalaglag ang mga butil ng bigas! Sayang naman”, sabi ni Ken. “Ang bawat butil niyan ay panalangin ng Diyos.

Malungkot na umuwi si Sisa. “Ano ang nangyari Sisa?” tanong ng Nanay.

Pautal-utal na sumagot si Sisa, “Nay, may ginawa kasi akong hindi mabuti kanina. Itinago ko ang bigas na dala ko kasi nahihiya ako sa aking kaklase.”



Mahinahong sumagot si Aling Jessa, “Anak, wala namang problema sa pagdadala ng isang kilong bigas. Kahit inutang pa natin ito, babayaran din naman kapag may pera na tayo. Hindi kailanman dapat ikinahihiya ang kahirapan kung wala ka namang inaapakang tao.”



Niyakap ni Sisa ang kanyang nanay, “Opo Inay, patawad po. Mula ngayon hindi ko na po ikahihiya ang ating kalagayan. Ipinapangako ko po na magtatapos ako ng aking pag-aaral. Balang araw, magiging guro ako at magkapagtrabaho katulad ni Ma’am Becca upang matutulongan ko kayo.”

Niyakap ni Aling Jessa ang anak. “Salamat at naintindihan mo, anak. Kahit mahirap, ang mahalaga ay masaya at nagmamahalan ang buong pamilya.”




### *Suriin*

Lagyan ng tamang sagot ang bawat patlang upang mabuo ang detalye ng binasang kuwento. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1-2) Sa kuwentong “Ang Pag-asa ni Sisa”, \_\_\_\_\_ ang pangalan ng ina, at \_\_\_\_\_ ang pangalan ng nakakatandang-anak.


3) Ang pamilyang nabanggit sa kuwento ay nakatira sa \_\_\_\_\_.

- |                                                                                                                         |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| 4) Siya ay pinapunta sa tindahan upang mangutang ng _____ dahil wala silang maisaing.                                   |
| 5) Nahihiya siyang makita ng kaniyang kamag-aral na may bitbit na bigas kaya tinago niya ito sa loob ng damit at _____. |
| 6) Pinayuhan siya ng kaniyang ina na hindi dapat ikahihiya ang _____ lalong-lalo na kung wala kang taong tinatapakan.   |



### Tandaan

- ✓ Ang kuwento ay may tatlong elemento: tagpuan, tauhan, at mga pangyayari.
  - ✓ Ang tagpuan ay nagsasaad kung saan at kailan nangyari ang kuwento.
  - ✓ Ang tauhan ay ang mga tao na gumaganap sa kuwento.
- Ang mga pangyayari naman ay nagpapakita ng pagkasunod-sunod ng bawat kaganapan sa



## *Pagyamanin*

### Gawain A

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

#### Ang Pagdating ng Bagong Anghel ni Lovely Joy M. Ariate



Sa malapad na niyogan ng Sitio Caliclic, nakatira ang pamilya ni Krystal. Isang umaga, nanlumo ang kaniyang buong pamilya sa balitang buntis na naman si Gng. Gay.

“Ma, buntis ka na naman? Paano na po ito?” malungkot na sabi ni Krystal.

Ginantihan lamang siya ng tingin ng kaniyang ina. Subalit, sumagot ang kaniyang ama na si Alex, “Bakit ka nag-aalala? Isang anghel at biyaya ng Diyos ang pinagbubuntis ng iyong ina.”

“Pa, sa hirap ba naman ng ating buhay ay may panibagong daragdag? Paano na tayo?” matamlay na tanong ni Krystal.



Pagkalipas ng siyam na buwan ay ipinanganak ang isang anghel na pinangalanang Alexa Gay. Mula ito sa pangalang Alex at Gay.

Hindi na nila namalayan ang kahirapan. Puro kasiyahan nalang ang kanilang naramdaman dahil ang bagong anghel ang naging pantanggal-pagod sa tuwing uuwi sila galing trabaho at eskuwela.

Napagtanto ni Krystal na ang kaniyang nakababatang kapatid ay magiging pinakamatalik niyang kaibigan.


Sagutin:

| Mga Tanong                               | Kasagutan |
|------------------------------------------|-----------|
| 1. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?      |           |
| 2. Saan ang tagpuan?                     |           |
| 3. Ano-ano ang detalye ng kuwento?       |           |
| 4. Ano ang naging suliranin sa kuwento?  |           |
| 5. Ano ang naging solusyon sa suliranin? |           |

## Gawain B

Basahin ang kuwento at lagyan ng tamang sagot ang sumusunod na talangguhit pagkatapos ng kuwento. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

### Pangarap sa Barko ni Lovely Joy M. Ariate



Noong ika-12 ng Agosto 1997, pinanganak ang malusog na batang pinangalanang Edwin Jr. Capuno. Siya ay anak ng isang tubero na si Edwin Sr. Capuno at mabait na inang si Julieta Capuno. Ipinanganak siya sa isang malaking ospital sa Davao. Hikain siya at palaging kinukombulsyon simula pa nang siya ay isilang. Subalit hindi ito naging hadlang upang tapusin ang kursong **Marine Engineering**.

Sa panahon ng kaniyang **apprenticeship**, nalibot niya ang buong Pilipinas. Naabot niya ang iba't ibang lugar tulad ng Isla ng Palawan. Kahit pa ang malayong bahagi nitong tinawag na Coron. Nasilip niya sa Catanduanes ang mga magagarang sementadong bahay na nipa ang bubong. Madalas kasing daanan ng bagyo ang lugar. Nasilayan din niya ang malapolbong buhangin ng Boracay kung saan niya naranasan ang **night life**. Nasaksihan din niya ang mga nakakatindig-balahibong tagpo sa Cotabato noong kasagsagan ng giyera ng Moro at pamahalaan pati na rin ang pagsampa sa barko ng mga pirata upang kunin ang kanilang bigas at gasolina.

Pagkatapos ng kaniyang apprenticeship, naghanap siya ng mapapasukan bilang **seaman** sa Maynila. Sa kaniyang pamamalagi roon, buwan ng Setyembre taong 2019, ang bahay

na kaniyang tinutuluyan na malapit sa Adamson University ay nasunog. Mabuti na lang at naisalba pa niya ang mga mahahalagang dokumento. Naranasan din niyang pumila para manghingi ng rasyon at nakamayon si Senador Bong Go.

Dumating ang kaniyang huling **medical check-up** bago sumampa sa barko. Sa kasawiang-palad hindi siya pumasa dahil may deperensiya ang isa niyang mata. Ang sabi ng doktor, ito ay epekto ng kaniyang madalas na kombulsyon noong bata pa. Dahil sa nangyari nawalan siya ng gana na para bang pinagsakluban siya ng langit at lupa. Subalit, hindi nawalan ng pag-asa ang kaniyang pamilya. Pinapunta siya sa Cebu upang humingi ng pangalawang opinyon. Sa kasalukuyan, siya ay nakapagtrabaho sa isang panggasolinang barko na may biyaheng Saudi Arabia papuntang America.

## Pagsukat sa Kaalaman

### A. Talangguhit ng Tauhan

| Pamagat ng Kuwento<br>_____                                        |                                                                           |                                                                                |
|--------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------|
| Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____ | Ano-ano ang katangian ng pangunahing tauhan ng kuwento?<br>_____<br>_____ | Ano ang katangian ng pangunahing tauhan ang nais mong tularan? Bakit?<br>_____ |

## B. Talangguhit ng Tagpuan

| Pamagat ng Kuwento<br>_____                                             |                                                                           |                                                                                  |
|-------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------------|
| Saan nangyari ang kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ | Kailan nangyari ang kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ | Ilarawan mo ang tagpuan ng kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ |

## C. Talangguhit ng mga Pangyayari

| Pamagat ng Kuwento<br>_____                                            |                                                                            |                                                                             |
|------------------------------------------------------------------------|----------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------|
| Ano-ano ang pangyayari sa kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ | Ano ang suliranin sa kuwento?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ | Ano ang solusyon sa suliranin?<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____<br>_____ |



## *Isaisip*

Ano-ano ang mahalagang elemento na dapat tandaan sa isang kuwento?

---

---

---

---



## *Isagawa*

1. Bakit mahalagang malaman kung paano hanapin ang detalye ng isang kuwento?

---

---

2. Gaano kahalaga ang bawat detalye ng isang kuwento? Sa iyang palagay, ano ang posibleng mangyayari sa mga nakikinig kung kulang sa detalye ang kuwentong napakinggan?

---

---

3. Ano-ano pa ang dapat mong pag-aralan at gawin upang lumawak ang iyong kaalaman sa pagtala ng detalye sa kuwento?

---

---



## *Tayahin*

Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. Piliin ang titik ng wastong sagot at isulat sa papel o kuwaderno.

- \_\_\_\_ 1. “Siya ay nakatira sa buking bahagi ng Limao”, ito ay \_\_\_\_\_ o pinangyarihan ng kuwento.
- A. tauhan
  - B. tagpuan
  - C. suliranin
  - D. pangyayari
- \_\_\_\_ 2. “Sila ay nabuhay nang matiwasay magpasawalang - hanggan”, ito ay ang \_\_\_\_\_ ng kuwento.
- A. tauhan
  - B. tagpuan
  - C. suliranin
  - D. pangyayari
- \_\_\_\_ 3. Ano-anong mga detalye sa kwentong binasa o napakinggan ang kailangang isulat?
- A. tauhan at tagpuan
  - B. tagpuan at pangyayari
  - C. pangyayari at tauhan
  - D. tauhan, tagpuan, at pangyayari ng kwento
- \_\_\_\_ 4. Kung ikaw ay gagawa ng kuwento tungkol sa COVID-19, alin sa sumusunod ang maaaring solusyon upang malutas ang pagkalat nito?
- A. Iaasa sa suwerte ang lahat.
  - B. Iisipin lamang ang kaligtasan ng sariling pamilya.
  - C. Iaasa sa gobyerno at mga mayayaman ang pagtulong.
  - D. Gagawa ng inisyatibong paraan tulad ng pananatili sa bahay at magbibigay ng ayon sa nakakaya.





## Susi sa Pagwawasto

|                                                                                                                                                                                                         |                                                                                                                                                                                                                                   |                                                                                                                                      |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. B</li> <li>2. D</li> <li>3. D</li> <li>4. D</li> <li>5. A</li> </ol>                                                                    | <p><b>Isagawa</b></p> <p>Inasahan ang magkailang sagot.</p>                                                                                                                                                                       | <p><b>Pagymamin</b></p> <p>Gawin 2 Inasahan ang magkailang sagot.</p> <p><b>Isaisip</b></p> <p>Inasahan ang magkailang sagot.</p>    |
| <p><b>Pagymamin</b></p> <p>Gawin 1</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Krystal, Gng. Gay, Alex, Alexa Gay</li> <li>2. Sittio Callic</li> <li>3 - 5. Inasahan ang magkailang sagot.</li> </ol> | <p><b>Sutin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Jessa</li> <li>2. Sisa</li> <li>3. bukirang bahagi ng Barangay Limao</li> <li>4. bigas</li> <li>5. nalaglag ang mga butil ng bigas</li> <li>6. kahirapan</li> </ol> | <p><b>Subukin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. A</li> <li>2. B</li> <li>3. D</li> <li>4. C</li> <li>5. A</li> </ol> |

## *Sanggunian*

*Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3*, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with  
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,  
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,  
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace  
U. Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega.  
*MTB-MLE Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)*:  
Book Media Press, Inc., 2014, 4, 17, 20. *DepEd Complex*,  
*Meralco*

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)